

# Mga Itatanong sa Inyong Health Care Team Tungkol sa Kanser sa Balat

*Questions to Ask Your Health Care Team About Skin Cancer – Tagalog*

Maaaring nakakatakot isipin ang pagkakaroon ng kanser o masabihang mayroon kayong kanser. Karamihan sa mga tao ay may maraming katanungan ngunit maaaring hindi nakakatiyak kung paano itatanong ang mga ito. Narito ang ilang bagay na maaaring nais ninyong itanong sa inyong doktor o nars tungkol sa kanser sa balat. Hindi lahat ng tanong na ito ay naaangkop sa inyo, ngunit makakatulong ang mga ito sa inyong makapagsimula.

## Mga itatanong tungkol sa inyong panganib para sa kanser sa balat

- Anu-ano ang mga salik ng panganib para sa kanser sa balat?
- Mayroon bang anumang mga salik ng panganib na dapat kong ipag-alala?
- Ano ang maaari kong gawin upang matulungang mabawasan ang aking panganib para sa kanser sa balat?
- Anong sunscreen at iba pang mga produktong proteksyon sa araw ang inyong inirerekomenda?
- Paano ko susuriin ang aking balat sa bahay? At gaano kadalas ko dapat itong gawin?
- Ano ang dapat kong hanapin kapag sinusuri ko ang aking balat?
- Ano ang dapat kong gawin kung may nahanap akong bago o nagbago sa aking balat?
- Gaano kadalas ninyo kailangang suriin ang aking balat?

## Mga itatanong kung nasurian kayong may kanser sa balat

- Maaari ba ninyong isulat ang eksaktong uri ng kanser sa balat na mayroon ako?
- Natuklasan ba natin ang kanser na ito nang maaga?
- Lumalim ba ang paglaki ng kanser sa balat o kumalat?
- Alam ba ninyo ang yugto ng kanser na ito?
- Kung hindi, paano at kailan ninyo malalaman ang yugto ng kanser na ito?
- Maaari ba ninyong ipaliwanag sa akin kung ano ang ibig sabihin ng yugtong ito?
- Ano ang susunod na mangyayari?

## Mga itatanong kapag pinagpapasyahan ang paggagamot

- Kakailanganin ko ba ng ibang mga pagsusuri bago namin napagpasyahan ang paggagamot?
- Kailangan ko bang magpatingin sa iba pang mga doktor?
- Anong paggagamot sa tingin ninyo ang pinakamakakabuti para sa akin?
- Ano ang mithiin ng paggagamot na ito? Sa tingin ba ninyo ay magagamot nito ang kanser?
- Paano ninyo mailalarawan ang paggagamot? Saan ito isasagawa? Gaano katagal ito aabutin?
- Magkano ang magiging gastos sa aking paggagamot? Saklaw ba ito ng aking insurance?
- Mapapabuti ba ako kung tatanggalin lamang ang kanser nang wala nang iba pang paggagamot?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan mula sa mga paggagamot na ito?
- Magkakaroon ba ako ng pilat? Ano ang magiging hitsura nito?
- Mayroon bang klinikal na pagsubok na maaaring nararapat para sa akin?
- Paano ang tungkol sa mga espesyal na bitamina o dyetang sinasabi ng mga kaibigan ko sa akin? Paano ko malalaman kung ligtas ang mga ito?
- Gaano kaaga ko kailangang magsimula sa paggagamot?
- Ano ang dapat kong gawin para maging handa para sa paggagamot?
- Mayroon ba akong magagawa para makatulong na mas mapabuti ang gawain ng paggagamot?
- Ano ang susunod na hakbang?



## Mga itatanong kapag natapos na ang inyong paggagamot?

- Anu-ano ang mga tsansang babalik ang kanser sa balat? Ano ang gagawin namin kung mangyayari iyon?
- Anu-ano ang aking mga tsansang magkakaroon uli ako ng kanser sa balat? Ano ang dapat kong subaybayan?
- May dapat ba akong lalong pag-ingatan? Paano ko ito dapat gawin?
- Anong sunscreen ang inyong inirerekomenda?
- Nanganganib ba ang mga miyembro ng aking pamilya sa kanser sa balat? Ano ang dapat kong sabihin sa kanila?
- Gaano ako kadalas dapat magpasuri para subaybayan ang iba pang mga kanser sa balat?
- Kailangan ko ba ng ibang mga follow-up na pagsusuri, at gaano ko kadalas na kakailanganin ang mga ito?

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **cancer.org/skincancer** o tumawag sa aming 24/7 helpline sa **1-800-227-2345**.



©2021, American Cancer Society, Inc.
Blg. 080799
Ginagamit ang mga modelo para sa layunin ng paglalarawan lamang.

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity